Gabay para sa Bisita

Mayo–Okt 2024

# Kumusta

SFMOMA

# Maligayang Pagdating sa SFMOMA!

## Libre ang pagbisita ng mga miyembro

Mag-aplay ng hanggang dalawang tiket ng kasalukuyang araw para sa membership sa SFMOMA sa pamamagitan ng pagbisita sa Membership Desk sa Palapag 2. Ganap na mababawas sa buwis ang mga Individual, Dual, at Supporter na membership.

## Magtanong sa amin tungkol sa mga serbisyo sa accessibility

May mga nakahandang wheelchair, stroller, at cane seat sa Coat Check sa Palapag 1 na mahihiram batay sa first-come, first-served.

## Tuklasin ang magagandang kuwentong nalikha

Kumonekta sa **SFMOMA FREE WIFI** para:

- Maakses ang mga kuwento sa audio tungkol sa likhang-sining: **sfmoma.org/audio**
- Maakses ang buong programa namin ng eksibisyon: **sfmoma.org/exhibitions**
- Magpadala ng mga mungkahi o puna: **sfmoma.org/feedback**

## Mga Tuntunin sa Museo + Galeriya

- **Pakiusap, huwag hawakan ang likhang-sining.**
- **Sundin ang patakaran sa pagsusuot ng mask ayon sa itinagubilin ng tauhan at karatula.**
- Pinapayagan ang personal, di-pangkomersiyong pagkuha ng litrato/bidyo (maliban sa kung saan may markang bawal). Bawal ang mga flash, tripod, o selfie stick.
- Bawal kumain, uminom, o makipag-usap sa cell phone sa mga galeriya.
- Bitbit dapat ang lahat ng bag at backpack nang mas mababa sa baywang o nakasuot dapat sa harap ng katawan.
- Bawal manigarilyo o mag-vape sa museo o sa mga terasa sa labas.
- Mga Nawawala at Napulot na Gamit: Bisitahin ang Coat Check sa Palapag 1.

# Mga Piling Eksibisyon sa Palapag 3, 2, at 1



Zanele Muholi, *Thathu I, The Sails, Durban,* 2019

## 6. Zanele Muholi

### Eye Me

**Hanggang Ago 11, 2024 | Palapag 3**

Si Zanele Muholi ay katutubo ng South Africa at isang biswal na aktibistang gumagamit ng potograpiya, pinta, bidyo, at iskultura para mas mapansin ang mga Itim na queer.



Chiura Obata, *Untitled (Fish, Bottom View),* 1936

## 5. Chiura Obata

**Hanggang Hulyo 14, 2024 | Palapag 2**

Magbabad sa mga mala-hiyas na watercolor, woodblock print, at *sumi-e* (mga pinta gamit ang tintang Hapon) ng isa sa mga pinakamahalagang alagad ng sining ng California noong ika-20 siglo.



Si William Scott habang ginagawa ang kanyang kinomisyong miyural na *Praise Frisco: Peace and Love in the City;* litrato: Julie Plasencia

## 4. Bay Area Walls

### William Scott

**Hanggang Okt 6, 2024 | Palapag 2**

Itong pangunahing komisyon ng alagad ng sining ng Creative Growth na si William Scott ay ang pinakamalaking pinta hanggang sa ngayon ng alagad ng sining, isang pagdiriwang ng "Praise Frisco," ang kanyang pangalan para sa bagong San Francisco, na nakikita niya sa hinaharap.

## 3. Wondering About Museums

**Hanggang Set 29, 2024 | Palapag 2**

Pagnilayan ang nakasasabik na bagong kinomisyong miyural ng alagad ng sining at guro na si Eduardo Pineda na pinamagatang *Inside Out: The Museum* habang natututo kasama namin ng kaalaman tungkol sa mga museo.



Eduardo Pineda, *Inside Out: The Museum,* 2023 (detail)

## 2. Creative Growth

### The House That Art Built

**Hanggang Okt 6, 2024 | Palapag 2**

Ipinagdiriwang ng eksibisyong ito ang ikalimampung anibersaryo ng unang organisasyon sa Estados Unidos na naghahandog ng suporta sa mga alagad ng sining na may mga kapansanang debelopmental.



Alice Wong, *AW* 298, walang petsa; koleksiyon ng SFMOMA, binili sa pamamagitan ng Accessions Committee Fund; © Alice Wong; litrato: Tenari Tuatagaloa

## 1. Kara Walker

### Fortuna and the Immortality Garden (Machine)

**Hulyo 1, 2024–Mayo 2026**


Hinahamon ng napakalaking instalasyon ni Kara Walker ang mga kuwentong institusyonal na ginugunita at inaalala ng estado, museo, at simbahan.




© Kara Walker, 2023

# 1

Kontemporanyong Sining
Atrium
Teatro
**Tindahan ng Museo**
**Restoran**



**Wu Tsang**
**Of Whales**
*Free*

**grace**
*Restoran*



Inilimbag sa papel na gawa sa 10% basura ng mga konsumer. Mga guhit na likhang-sining: Adam Simpson.


# 2

Pinta + Iskultura
Mga Likha sa Papel
Bentahan ng Tiket + Pagmimiyembro
Kapihan

**Sentrong Koret para sa Edukasyon**




**Yuri Suzuki**
Arborhythm



# 3

Potograpiya
Iskultura
Arkitektura + Disenyo









**Bay Area Walls**
Reggie Burrows Hodges: Incline



**Zanele Muholi**
Eye Me

# Mga Piling Eksibisyon sa Palapag 5–4



Olafur Eliasson, *One-way colour tunnel*, 2007

## 12. Olafur Eliasson

### One-way colour tunnel

**Nagpapatuloy | Palapag 5**

Nag-aalok ang nakakaengganyong likhang ito ng karanasang pandama na nagpapagunita sa mga engrandeng palabas ng kalikasan.



Yayoi Kusama, *Aspiring to Pumpkin's Love, the Love in My Heart*, 2023 (installation view, SFMOMA); koleksiyon ng Fisher Art Foundation; © YAYOI KUSAMA, ipinagkaloob ng alagad ng sining, Ota Fine Arts, Victoria Miro, at David Zwirner

## 11. Yayoi Kusama

### Aspiring to Pumpkin's Love, the Love in My Heart

**Hanggang Okt 2025 | Palapag 5**

Kinakatawan ng iskulturang malaking kalabasa ni Kusama ang kapayapaan at kaligayahan, at binabalot nito ang nagmamasid sa mga mala-alon nitong kurba.



Andy Warhol, *Triple Elvis* [Ferus type], 1963

## 10. Afterimages

### Echoes of the 1960s from the Fisher and SFMOMA Collections

**Nagpapatuloy | Palapag 5**

Itinatampok ng eksibisyong ito ang mga usapan ng iba't ibang henerasyon sa pagitan ng mga alagad ng sining na may mga likhang nakisangkot sa kultural na daloy ng dekada '60 hanggang kasalukuyan.

## 9. What Matters

### A Proposition in Eight Rooms

**Hanggang Set 2024 | Palapag 4**

Nagtatanghal ang pangalawang episodyo ng *What Matters* ng likhang-sining sa mga kontemporanyong koleksiyon na pinagninilayan ang sama-samang paghilom, palagiang pagbabago, at pagkasadya.



Guadalupe Maravilla, *Disease Thrower #15*, 2021

## 8. New Work

### Mary Lovelace O'Neal

**Hanggang Okt 20, 2024 | Palapag 4**

Naghaharaya ang mga pinta ni Lovelace O'Neal ng mga bagong posibilidad sa pagsasalaysay sa pamamagitan ng konstelasyon ng mga sanggunian mula sa musika, panitikan, at mga kilusan ng katarungang panlipunan.



Mary Lovelace O'Neal, *FRANCES*, 2021–2023

## 7. Freeform

### Experiencing Abstraction

**Nagpapatuloy | Palapag 4**

Sinisiyasat ang abstraktong sining simula pa noong 1950, nagtipon-tipon ang pagtatanghal na ito ng mga alagad ng sining na gumagamit ng abstraskiyon para ipahayag ang di-mahawakan at di-maipaliwanag, para makapag-anyaya ng iba't ibang interpretasyon at pagtugon.



Morris Louis, *Untitled*, 1959–60

# 4

Pinta + Iskultura
Gina + Stuart Peterson White Box
Media Arts
Kontemporanyong Sining



**Freeform**
Experiencing
Abstraction

**Mga Galeriya ni Ellsworth Kelly**






**Galeriya ni Agnes Martin**




**Terasa ng Iskultura**


# 5

Pinta + Iskultura
Oculus Bridge
Hardin ng Iskultura
**Kapihan**

**Cafe 5**
*Restoran*



**Hardin ng Iskultura**






**Yayoi Kusama**
Aspiring to Pumpkin's Love, the Love in My Heart

**Silid ng Pag-aaral**



**Afterimages**
Echoes of the 1960s from the Fisher and SFMOMA Collections

**Silid ng Pag-aaral**
*5.39*

# Mga Piling Eksibisyon sa Palapag 7–6

Tingnan ang buong programa ng eksibisyon:
**sfmoma.org/exhibitions**



Mathieu Lehanneur, *Power of Love,* 2009

## 16. Art of Noise

**Hanggang Ago 18, 2024 | Palapag 7**

Pinalalakas ng *Art of Noise* ang mahalagang koneksiyon sa pagitan ng musika at disenyo sa pagtatanghal ng mahigit sa 800 produkto at grapikong nakapagpabago ng kultura.



Yayoi Kusama, *Dreaming of Earth's Sphericity, I Would Offer My Love,* 2023, nakalagay sa eksibisyong *Yayoi Kusama: I Spend Each Day Embracing Flowers,* David Zwirner, New York, May 11—Hulyo 21, 2023 © YAYOI KUSAMA. Ipinagkaloob ng alagad ng sining Ota Fine Arts, Victoria Miro, at David Zwirner

## 15. Yayoi Kusama

### Dreaming of Earth's Sphericity, I Would Offer My Love

**Hunyo 22, 2024–Ene 2025 | Palapag 6**

Malugod na tinatanggap ng pinakabagong Infinity Mirror Room ni Kusama ang mga manonood sa isang sansinukob na may napakaraming iba't ibang liwanag kung saan lumilikha ang mga salamin ng kapaligirang palaging gumagalaw.

## 14. German Art After 1960

**Nagpapatuloy | Palapag 6**

Itinatampok sa eksibisyong ito ang mga galeriya ng nag-iisang alagad ng sining at nakapangkat batay sa tema na nakatuon sa nangungunang mga alagad ng sining na Aleman tulad nina Anselm Kiefer, Gerhard Richter, Georg Baselitz, at Sigmar Polke.



Gerhard Richter, *Janus,* 1983

## 13. Ragnar Kjartansson

### The Visitors

**Hanggang Okt 14, 2024 | Palapag 6**

Itinatanghal sa siyam na iskrin, dinadala ng *The Visitors* ang mga manonood sa isang makasaysayang mansiyon na pinag-imbitahan ng alagad ng sining na si Ragnar Kjartansson ng mga kaibigan para tumugtog ng musika nang magkakasama.



Ragnar Kjartansson, *The Visitors,* 2012 (still)

# 6

Kontemporanyong Sining
Pinta + Iskultura
Media Arts




**Yayoi Kusama**
Dreaming of Earth's Sphericity, I Would Offer My Love

**Mga Galeriya ni Anselm Kiefer**



**Ragnar Kjartansson**
The Visitors







**Mga Galeriya ni Gerhard Richter**

# 7

Potograpiya
Media Arts
Terasa ng Iskultura



**Devon Turnbull**
Hifi Pursuit Listening
Room Dream No. 2






**Art of Noise**

**Konserbasyon**
*Iniiskedyul ang*
*Paggamit o Pagbisita*

*Mag-iiba-iba ang mga panloob na dingding. Hindi tumpak ang sukat ng mapa at mga larawan.*